Mensahe Walo

Pagkilala at Pagdaranas
sa Nagpapaloob ng lahat na Kristo sa Mateo

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 2:1-2; 3:11; 4:12-16; 8:20; 16:16; 21:5

I. Si Kristo ay ang makalangit na Kristo—Mat. 2:1-2; 21:5:

A. Pinatutunayan ng Mateo na si Hesu-Kristo ay ang Hari, ang Mesiyas na ipinropesiya sa Lumang Tipan—1:1, 17; 2:1-2; 27:11, 37.

B. Ang makalangit na Hari ay hindi dumating nang may mapagmataas na karilagan kundi nang may mahinahon, mapagpakumbabang kaamuan—21:5.

II. Ang Panginoong Hesus ay ang Kristo, ang Anak ng buháy na Diyos—16:16:

A. Ang *ang Kristo* ay tumutukoy sa pinahirang Isa ng Diyos at nagsasalita hinggil sa atas sa Panginoon na isakatuparan ang walang hanggang layunin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, pag-akyat sa langit, at ikalawang pagdating—bb. 21, 27.

B. Ang *ang Anak ng buháy na Diyos* ay nagsasalita hinggil sa Kanyang persona, na nagsasakatawan sa Ama at napasusukdol sa Espiritu para sa ganap na kahayagan ng Tres-unong Diyos—Juan 14:10-11a; 1 Cor. 15:45b.

III. Si Kristo ay ang Anak ng Tao—Mat. 8:20; 11:19; 13:37; 16:13:

A. Si Kristo ang tao na nagdadala ng kapamahalaan ng Diyos sa lupa at ginagawang ekselente ang pangalan ng Diyos sa lupa—9:6; 12:8; 13:41; 16:27-28.

B. Upang maitatag ang kaharian ng kalangitan, tumayo ang Panginoong Hesus bilang matagumpay na tao—isang tao na makatatalo kay Satanas at malalabanan ang anumang kahirapan, oposisyon, o pag-atake—4:4; 12:40; 26:64.

IV. Si Kristo ay ang Tagapagbautismo—3:11:

A. Ang bautismo ng Panginoon sa Espiritu Santo, na nakabatay sa Kanyang pagtutubos, ang nagpasimula ng kaharian ng kalangitan, nagdadala sa Kanyang mga mananampalataya tungo sa kaharian ng kalangitan—b. 12a.

B. Ang bautismo ng Panginoon sa apoy, na nakabatay sa Kanyang paghahatol, ang magwawakas sa kaharian ng kalangitan, maglalagay sa mga di-mananampalataya sa dagat-dagatang apoy—b. 12b.

V. Si Kristo ay ang liwanag ng buhay na sumisinag sa kadiliman ng kamatayan—4:12-16:

A. Ang ministeryo ni Kristo para sa kaharian ng kalangitan ay nagsimula hindi sa pamamagitan ng makalupang kapangyarihan kundi sa pamamagitan ng makalangit na liwanag.

B. Ang Panginoong Hesus ay hindi nagsimula ng isang kilusan o rebolusyon; sa halip, inakit Niya ang mga disipulo sa Kanyang sarili bilang dakilang liwanag para sa pagtatatag ng kaharian ng kalangitan.

VI. Sa pagtawag sa mga tao na sumunod sa Kanya para sa kaharian, nagministeryo si Kristo bilang Manggagamot at inihayag ang Kanyang sarili bilang Kasintahang lalaki—9:9-15:

A. Siya ay dumating bilang Manggagamot upang pagalingin at bigyang-buhay tayo nang sa gayon ay mabuoan tayong muli upang maging mga mamamayan ng kaharian ng kalangitan—bb. 9-13.

B. Kailangan natin Siyang pahalagahan bilang Kasintahang lalaki upang magkaroon tayo ng katamasahan ng pamumuhay sa Kanyang presensiya—bb. 14-15.

VII. Si Kristo ang hindi pa umuurong na tela para sa paggawa ng isang bagong damit—b. 16; Luc. 5:36:

A. Mula sa Kanyang pagkakatawang-tao hanggang sa Kanyang pagkapako sa krus, Siya ang hindi pa umuurong na tela para sa paggawa ng isang bagong damit.

B. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli, ginawang bagong damit si Kristo upang takpan tayo bilang ating katuwiran sa harap ng Diyos upang maaring-matuwid tayo ng Diyos at maging katanggap-tanggap sa Kanya—15:22; Gal. 3:27; 1 Cor. 1:30.

VIII. Ang indibidwal na Kristo ay ang bagong alak, at ang sama-samang Kristo ay ang sariwang sisidlang balat—Mat. 9:17:

A. Ang bagong alak ay sumasagisag sa indibidwal na Kristo bilang bagong buhay, punô ng sigla at nakapagpapasayang lakas, pumupukaw sa atin sa kasabikan at nagbibigay-kasiyahan sa atin.

B. Ang sariwang sisidlang balat ay sumasagisag sa sama-samang Kristo, ang panlabas na lalagyan na naglalaman ng bagong alak—1 Cor. 12:12.

IX. Si Kristo ay ang Pastol at ang Panginoon ng aanihin—Mat. 9:35-38:

A. Sa Kanyang ministeryo para sa pagtatatag ng Kanyang makalangit na kaharian, nagministeryo ang Panginoon bilang isang Pastol—bb. 35-36.

B. Kung makikita natin ang pangitain hinggil kay Kristo bilang Panginoon ng aanihin, magsusumamo tayo sa Kanya na magpalabas ng mga manggagawa sa Kanyang aanihin—bb. 37-38.

X. Si Kristo ay ang Kaibigan ng mga makasalanan at ang karunungan ng Diyos—11:19:

A. Bilang Kaibigan ng mga makasalanan, nakikisimpatiya si Kristo sa kanilang mga suliranin at dinarama ang kanilang hapis—b. 19a.

B. Anuman ang ginawa ni Kristo ay ginawa sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos, na Siya Mismo; ang karunungang ito ay binigyang-katwiran ng Kanyang mga gawang may karunungan—b. 19b; 1 Cor. 1:24, 30.

XI. Si Kristo ang Isa na nagbibigay ng kapahingahan—Mat. 11:28-30:

A. Ang pasanin ang pamatok ng Panginoon ay ang kunin ang kalooban ng Ama at ang mapilit ng kalooban ng Ama—b. 29; Juan 4:34; 5:30; 6:38.

B. Dahil ang Panginoon ay palaging nasisiyahan sa kalooban ng Ama, palagi Siyang may kapahingahan sa Kanyang puso; ngayon ay hinihiling Niya na matuto tayo sa Kanya—Mat. 11:28-30.

XII. Si Kristo ay ang mas dakilang Jonas—12:39-41; 16:4:

A. Si Jonas ay isang sagisag ni Kristo sa Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na muli—12:39-41.

B. Sa masama at mapangalunyang maka-Hudyo at relihiyosong henerasyon ay walang gagawin ang Panginoong Hesus kundi ang mamatay at mabuhay na muli bilang pinakamalaking tanda sa kanila upang maligtas sila kung sasampalataya sila—16:4.

XIII. Si Kristo ay ang tinapay at ang mga mumo sa ilalim ng hapag—15:21-38:

A. Ang ekonomiya ng Diyos ay hindi isang bagay ng mga panlabas na bagay kundi ng Kristo na pumapasok sa atin bilang pagkain—bb. 26, 34, 36.

B. Kailangan nating kunin ang nakakaing Kristo sa pamamagitan ng pagkain sa Kanya bilang tinapay, bilang mga mumo pa nga sa ilalim ng hapag—b. 27.

XIV. Si Kristo sa Kanyang pagkatao ay ang nabuhay na muling Isa na taglay ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa—28:18-19:

A. Sa Kanyang pagkatao, bilang Anak ng Tao at makalangit na Hari, ang lahat ng awtoridad ay ibinigay kay Kristo pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli—b. 18.
B. Dahil ang Ebanghelyo ni Mateo ay may kinalaman sa kaharian, at ang kaharian ay nangangailangan ng awtoridad, ang pagkabuhay na muli ni Kristo sa Mateo ay isang bagay ng awtoridad para gawing disipulo ang mga bansa—b. 19.

XV. Ang Ebanghelyo ni Mateo ay punô ng kayamanan ni Kristo; kailangan nating sambahin Siya, tamasahin Siya, at maranasan Siya bilang ang kahanga-hangang nagpapaloob ng lahat na Isa—2:11; 28:9, 17; 17:5.

© 2026 Living Stream Ministry